# M E N S A H E

***Pagtatapos 2015-2016***



Isang taos pusong pagbati ng maligayang pagtatapos sa mga magulang at mga batang mag-aaral ng ________________. Tunay na isang karangalan ng inyong magulang at ng ating lungsod ang inyong pagtatapos.

Una nating bigyang papuri at pasasalamat ang Panginoon sa napakagandang buhay at pagkakataon na ibinibigay sa atin sa bawat oras na paggabay Niya upang kayo ay makatapos sa elementarya.

Ang paksa sa taong ito, "Kabataang mula sa K to 12 Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas" ay napapanahon sapagkat hinubog kayo ng inyong paaralan batay sa layunin ng K to 12 na ang bawat mag-aaral ay magtataglay ng talino, sapat na kakayahan, kasanayan, may mabuting ugali, pagpapahalaga sa buhay at higit sa lahat, may pananalig sa Panginoon. Ang mga ito'y magiging kontribusyon ninyo sa pagunlad ng ating lungsod at bansa.

Hinahangaan ko ang lahat ng inyong mga magulang na nagsikap, nagtrabaho dahil may pangarap para sa inyo na makapagpatapos sa pag-aaral. Pahalagahan at mahalin ninyo ang inyong mga magulang.

Pasalamatan din natin ang inyong mga guro na matiyaga at buong puso kayong tinuruan sa loob ng mahabang anim na taon. Sa mga namumuno at mga guro ng paaralan patuloy na magturo at maglingkod nang may puso upang malinang at mahubog ang pangarap nating kabataan sa kinabukasan na siyang mamumuno at makikibahagi sa patuloy na pagbabago at kaunlaran ng bansa.

Sa pagpapatuloy sa inyong pag-aaral mga minamahal na magsisipagtapos, gamitin ninyo ang lahat na natutunan niyo mula sa inyong magulang at inang paaralan upang maiangkop niyo ang inyong sarili sa makabagong panahon, bagong kapaligiran, karanasan at sa kapwa. Ito'y magsisilbing susi sa pagkamit ng tagumpay.

Mahalagang isaisip na kailangan niyong dagdagan pa ang sipag at tiyaga sa pag-aaral, maging mabuting anak, may pagmamahal sa bayan at kalikasan at higit sa lahat may pananalig sa Panginoon upang matupad niyo ang inyong pangarap.

Maligayang pagtatapos hangad ko ang inyong tagumpay ng inyong mga pangarap!

**DORIS DJ. ESTALILLA**
Punong Itinalaga – Tanggapan ng Pangalawang
Tagapamanihala ng mga Paaralan


Batang Antipulenyo, Dangal ng Bayan Ko